COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-19 ng Oktubre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## INAPRUBAHAN NG COUNTY ANG PAGLIPAT SA MODELO NG VOTE CENTER

Ang Board ng mga Supervisor noong Martes ay nagkakaisang inaprubahan na sumali ang San Diego sa 25 iba pang mga county sa buong estado sa pagpapatupad ng modelo ng vote center, na magsisimula sa Hunyo 2022 pangunahing gubernatoryal na eleksyon.

Ang California Voter's Choice Act ang nagbigay ng daan para sa mga county na lumipat mula sa tradisyonal na mga lugar ng botohan patungo sa mga vote center noong ito ay naisabatas noong 2016.

Sa ilalim ng batas, ang bawat aktibong rehistradong botante ay awtomatikong makakatanggap ng isang balota sa koreo at magkakaroon ng mga opsyon kung paano maibabalik ang kanilang balota: sa pamamagitan ng koreo, sa isang secure na drop box ng balota, o sa pagboto nang personal sa kahit na anong vote center.

Ang konsepto ay hindi magiging ganap na bago sa mga lokal na botante. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay gumamit ng isang katulad na format para sa Nobyembre 2020 pangkalahatang pampanguluhan at Setyembre 2021 gubernatoryal na recall na mga eleksyon. Higit sa 200 mga lokasyon ng pagboto ang binuksan sa buong County ng San Diego at pinahihintulutan ang mga botante ng apat na araw na bumoto nang personal.

Ang kalakaran ng pagboto-sa-koreo sa California ay nabawasan sa paggamit ng mga tradisyonal na lugar ng botohan, na nagtutulak sa mga county sa modelo ng vote center. Halos 80% ng 1.97 milyong rehistradong botante ng County ay mga permanenteng botante sa pagboto-sa-koreo.

"Kapag ang siklo ng eleksyon sa Hunyo 2022 ay umikot na, higit sa 13 milyong mga rehistradong botante sa California – halos 62% ng mga botante ng estado – ang gagamit ng modelo ng vote center," sabi ng Interim ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Cynthia Paes. "Ang aksyon ng Board noong Martes ay magdaragdag ng halos 2 milyong rehistradong botante ng County ng San Diego sa kahaluan."

Ang bilang ng mga vote center ay batay sa kabuuang pagpapaparehistro ng botante. Ang batas ay nangangailangan ng isa para sa bawat 50,000 botante sa loob ng 11 araw at isa para sa bawat 10,000 botante sa loob ng apat na araw.

COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-19 ng Oktubre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Sa County ng San Diego, ang mga kasalukuyang numero ng pagpaparehistro ay nangangahulugan ng hindi bababa sa 197 na mga vote center ay magbubukas sa loob ng apat na araw kasama ang araw ng eleksyon. Apatnapu sa 197 ay magbubukas ng karagdagang pitong araw para sa kabuuang 11 araw.

Hihingin ng County ang pampublikong input sa mga lokasyon at isasaalang-alang ang iba't ibang mga factor upang masiguro na ang mga rehistradong botante ay may pantay na pagkakataon na ihulog ang kanilang balota.

Ang bagong modelo ay nag-streamline din ng proseso ng eleksyon para sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang mga botante ay wala nang nakatalagang lugar ng botohan at maaaring bumisita sa alinmang vote center. Ang mga manggagawa sa eleksyon sa mga vote center ay gagamit ng elektronikong libro ng botohan na sertipikadong-estado upang hanapin ang parehong impormasyon na makukuha sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang mga lugar ng botohan ay walang ganitong kakayahan, na nangangailangan ng ilang mga botante na bumoto ng mga pansamantalang balota. Ang pagberipika ng mga pansamantalang balota ay maaaring tumagal ng dalawang linggo o higit pa pagkatapos ng araw ng eleksyon.

Kasama sa mga serbisyo ng vote center:

- Ang mga Touchscreen ballot marking device sa bawat uri ng balota
- Tulong sa Pagboto, kasama ang tulong sa maramihang wika
- Pagpaparehistro ng Botante na nagpapahintulot sa mga botante na bumoto sa parehong araw
- Mga update sa Pagpaparehistro ng Botante
- Paghiling ng isang kapalit na balota

Bumoto din ang Board upang pondohan ang mga secure na drop box ng balotang pangkoreo sa buong County. Batay sa bilang ng mga kasalukuyang rehistradong botante, ang Tagapagrehistro ay dapat magbigay ng 132 mga ballot drop-off site simula 29 na araw bago ang eleksyon. Ang mga vote center ay magsisilbi ring mga drop-off site.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sdvote.com.

###